

## Paano ako gagawa ng ulat tungkol Risk of Significant Harm (RoSH)?

Ang isang bata ay may risk of significant harm kung ang mga sitwasyon na nagdudulot ng alalahanin para sa kaligtasan, kapakanan o kagalingan ng isang bata ay malawak na umiiral.

Maaring iulat ang RoSH sa NSW Department of Communities and Justice (DCJ) sa 24 na oras na Helpline: Tel. 132 111.

Ang mga magbibigay ulat ay dapat kumonsulta muna sa Mandatory Reporters Guide (MRG) na isang online tool na ginawa ng Pamahalaan ng NSW upang tulungan kang alamin kung sapat ang iyong mga pag-aalala tungkol sa RoSH. <https://reporter.childstory.nsw.gov.au/s/mrg>

Kung alam mo na ang isang bata ay nasa kagyat na panganib, tawagan ang Triple Zero '000'.

Maaari mo ring kontakin ang Office of Safeguarding para sa payo.



## Tulong para sa mga Pamilya – Mga Krisis

**Karahasan sa Tahahan (Domestic Violence):**  
1800 671 442 (24 na oras)

**1800RESPECT (Karahasan sa Tahanan & Pag-atakung Sekswal – 24na oras):** 1800 737 732

**Linya para sa Kalusugang Pangkaisipan:** 1800 55 1800

**Link2Homelessness:** 1800 152 152

**Lifeline:** 131 114

## Tulong para sa mga Pamilya – Hindi Krisis

**Linya para sa Magulang:** 1300 130 052

**Relationships Australia:** 1300 364 277

**Housing Contact Centre & Aboriginal Enquiry Line:**  
1800 422 322

**Family Referral Service:** 1300 006 480



**Opisina ng Safeguarding  
Diyosis ng Maitland-Newcastle**

50 Crebert Street, Mayfield NSW 2304

PO Box 29 Carrington NSW 2294

**P** 02 4979 1390

**E** [childprotection@mn.catholic.org.au](mailto:childprotection@mn.catholic.org.au)

**www.officeofsafeguarding.org.au**

30496



## Pag-ulat ng abuso at pagpapabaya

Impormasyon para sa mga magulang, mga tagapag-alaga at iba pang mga nakakatanda

[www.officeofsafeguarding.org.au](http://www.officeofsafeguarding.org.au)



## Ang pangako ng Diyosesis sa pagliligtas

Ang Katolikong Diyosesis ng Maitland-Newcastle ay may layunin na itaguyod ang kaligtasan, kapakanan, at kabutihan ng mga kabataan. Ang Office of Safeguarding (OoSG) ay ang tagapagtaguyod ng Diyosesis sa layuning ito.

Sa NSW, ang mga mandatory reporters ay obligado sa batas na iulat sa kinauukulan ang hinihinalang risk of significant harm (RoSH) sa Department of Communities and Justice (DCJ).

Ang mandatory reporter ay isang tao na, sa pagtupad ng kanyang propesyonal na gawain, o iba pang may bayad na trabaho na naghahatid sa mga bata ng pangangalagang pangkalusugan, kapakanan, edukasyon, mga serbisyo para sa mga bata, mga serbisyong pang-residensyal, o pagpapatupad ng batas, buo o bahagi lamang ng mga ito. Noong 1 Marso 2020 ang mga grupo ng mandatory reporters sa NSW ay pinalawak upang kabilangan din ng:

- ▶ Indibidwal na nasa ministeryo ng pananampalata, o isang tao na nagbibigay sa mga bata ng mga gawaing batay sa relihiyon (may bayad man o wala)
- ▶ isang nakarehistrong sikologo na nagbibigay ng propesyonal na serbisyo bilang isang sikologo.

## Ano ang pang-aabuso at pagpapabaya ng bata?

### Pagpapabaya –

kapag ang isang magulang o tagapagbigay ng pangangalaga ay hindi nagbibigay ng mga pangangailangan sa buhay gaya ng pagkain, tirahan, edukasyon, medikal na pangangalaga, at karampatang pangangalaga.

### Abusong Sekswal –

kapag pinilit ang isang bata o kabataan sa isang aktibidad na sekswal ng isang indibidwal gamit ang kanyang kapangyarihan sa bata o pagsasamantala sa kanyang pagtitiwala.

Ang abusong sekswal ay maaaring kapalooban ng walang-kontak na anyo gaya ng paglalantad ng bata sa pornograpiya, o may-kontak na anyo gaya ng paghalik, panghihipo o penetrasyon.

Ito ay maaari ring mangyari sa pagitan ng kapwa bata.

### Abusong Pisikal –

pananakit sa bata na dulot ng mga gawi ng isang magulang o iba pang tao na may responsibilidad para sa kanyang pangangalaga. Kabilang sa abusong pisikal ang mga kilos gaya ng pamamalo, pagyugyog, pagkagat, pagsakal, kusang pagpaso at genital mutilation ng batang babae.

Sa NSW, ang corporal punishment ay abusong pisikal kung ang bata ay hinampas sa mataas na bahagi ng balikat o may dinanas na pinsala o marka sa anumang bahagi ng katawan.

### Psychological Harm –

nagaganap kapag ang pag-aasal ng isang magulang o taga-pangangalaga ay nakakasira sa kompiyansa at paniniwala sa sarili ng isang bata. Maaaring kabilangan ito ng di-pagkatanggap, pagbubukod, pananakot, di-pagpansin o pagpapasama ng isang bata, abusong pananalita o paghamak. Posibleng ang isang insidente ay maging sanhi ng pinsalang pangkaisipan, ngunit sa kadalasan ito ay dulot ng mga gawi na paulit-ulit.

### Pagsaksi sa Karahasan sa Tahanan o Pamilya –

nangyayari kapag patuloy na nasasaksihan ng isang bata ang abusong pisikal, abusong sekswal o masamang pagtratong pangkaisipan ng isang magulang o kapatid; o ang marahas na pag-aasal ng isang tao ay nakakapinsala sa ibang tao o ari-arian.

## Mga obligasyon para sa mga boluntaryo

Ang ilang mga boluntaryo, lalo na sa mga parokya, ay inuubliga ng batas na magsumbong ng sinasabing abuso o pagpapabaya. Si Bishop Bill Wright ay nagsaad na lahat ng mga tauhan sa Diyosesis, kabilang ang mga boluntaryo ay may obligasyon na pangalagaan at panatilihin ligtas ang mga kabataan at mga matatanda na may kahinaan.

## Naniniwala akong ang isang bata ay inaabuso

Kung ikaw ay nag-aalala na ang isang bata ay inaabuso o pinapabayaan, mangyaring talakayin ang iyong mga alalahanin – sa isang guro, assistant na punong-guro o punong-guro sa mga Paaralang Katoliko; sa isang case coordinator o casework manager sa CatholicCare.

## Ako ay nag-aalala tungkol sa pag-aasal ng isang tauhan ng Diyosesis

Kung ikaw ay may mga alalahanin sa pag-aasal ng isang tauhan ng Diyosesis, ipagbigay-alam sa nauugnay na service manager o lider ng parokya na siyang magbibigay-alam sa OoSG. Tandaan, maaari mong kontakin nang direkta ang OoSG.

